



Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California

Ang Programa sa Paglilipat sa Komunidad ng California (CCT, California Community Transitions): Ang Paraan ng Pagbalik ng Isang Residente sa Tahanan ng Pangangalaga sa Komunidad

Abril 2021, Lat. #5602.08

Ang pederal na pagpopondo para sa programa sa Paglilipat sa Komunidad ng California (CCT, California Community Transitions) ay pinalawig hanggang Disyembre 31, 2023. Maaaring muling palawigin ang pagpopondo, depende sa pederal na pagbabatas at kung ang estado ng California ay kayang ipagpatuloy ang programa. Tingnan ang website ng DRC para sa karagdagang impormasyon sa darating na mga buwan.

T. Ano ang Programa sa Paglilipat sa Komunidad ng California (CCT, California Community Transitions)?

S. Ang programang CCT ay pinopondohan ng Medi-Cal na makukuha sa pamamagitan ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS, Department of Health Care Services) upang bigyan ang mga taong may medikal na saklaw sa pamamagitan ng Medi-Cal at nakatira sa isang medikal na pasilidad ng karagdagang tulong na kanilang kailangan upang lumipat mula sa medikal na pasilidad patungo sa kanilang sariling bahay.

T. Paano ako magiging kwalipikado sa mga serbisyo sa CCT?

S. Kung mayroon kang medikal na saklaw sa pamamagitan ng Medical, at ikaw ay nakatira sa isang medikal na pasilidad tulad ng ospital o pasilidad sa may kasanayang pangangalaga nang higit sa 60 araw, at kakailanganin mo ang mga serbisyong tulad ng mga tinatanggap mo sa pasilidad kung saan ka nakatira nang mag-isa, kwalipikado ka para sa mga serbisyo sa CCT.

T. Ano ang proseso para sa programa sa CCT na tutulong sa akin?

S. Una, ang Tagapag-ugnay sa CCT sa iyong lugar ay pupunta at makipagpulong sa iyo upang bumuo ng plano para sa iyong paglipat mula sa pasilidad kung saan ka kasalukuyang nakatira patungo sa isang lugar sa komunidad na iyong napili. Ito ay maaaring iyong sariling bahay, bahay ng iyong pamilya, o iyong sariling apartment.

T. Kung hindi ko kayang umupa ng apartment at bumili ng mga kagamitan sa bahay na kakailanganin ko upang tumira doon, matutulungan pa rin ba ako ng CCT?

S. Oo, makatutulong sa iyo ang programa sa CCT na humanap ng apartment na abot-kaya para sa iyo at bayaran ang mga gamit upang makatira ka sa apartment at makapagsimula. Maaari ring bayaran ng programa sa CCT ang mga pagbabago sa bahay, tulad ng mga hawakan at rampa.

T. Mayroon pa bang ibang magagawa ang programa sa CCT upang tulungan ako?

S. Oo, tutulungan ka nilang matukoy ang lahat ng mga bagay na kakailanganin mo upang mamuhay sa komunidad. Makatutulong ang CCT na tukuyin kung aling mga programa ang makapagbigay ng mga serbisyong ito. Ang ilan sa mga bagay na ito ay may kasanayang pangangalaga, pangangalaga ng isang tagapag-alaga sa bahay (IHSS, In Home Supportive Services), pagkuha ng medikal na kagamitan na kakailanganin mo sa iyong bahay, transportasyon, at tulong upang

makuha ang anumang iba pang mga serbisyo na kakailanganin mo upang maging bahagi sa komunidad kung saan ka lumipat.

T. Matapos akong tulungan ng programa sa CCT na makakuha ng apartment, lumipat, at tumukoy ng mga programa at suporta na kakailanganin ko upang tumira sa komunidad, tapos na ba akong tulungan ng programa sa CCT?

S. Hindi, isa sa mga serbisyo na binibigay ng programa sa CCT ay pangangasiwa ng kaso. Papanatiliing bukas ng programa sa CCT ang iyong kaso at magbibigay ng mga serbisyo sa pangangasiwa ng kaso nang 1 taon mula sa iyong paglipat sa iyong sariling lugar.

T. Paano ako makikipag-ugnayan sa sinuman mula sa programa sa CCT?

S. Nakikipagkontrata ang DHCS sa mga tagapagbigay sa komunidad na tinatawag na mga Punong Organisasyon ng CCT upang bigyan ang mga tao ng mga serbisyo sa CCT sa buong California. Gayunpaman, hindi lahat ng county ang mayroong CCT. Upang humanap ng Punong Organisasyon sa CCT sa iyong lugar, bumisita sa sumusunod na link ng DHCS:

[California Community Transitions Project - DHCS - CA.gov](http://CaliforniaCommunityTransitionsProject-DHCS-CA.gov)

o, mag-email sa DHCS upang kumuha ng karagdagang impormasyon sa:

California.CommunityTransitions@dhcs.ca.gov

o, tumawag sa DHCS upang kumuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng telepono sa

(916) 552-9105

(916) 552-9105

(833)388-4551

Maaari mo ring hilingin sa isang miyembro ng pamilya, kaibigan o manggagawang panlipunan ng pasilidad na tulungan kang makipag-ugnayan sa CCT.

Ang buong listahan ng mga tagapagbigay sa CCT ay nasa ibaba:

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN NG MGA PUNONG ORGANISASYON SA PAGLILIPAT SA KOMUNIDAD NG CALIFONRIA (CCT, California Community Transitions)
Huling Pagbabago: Marso 19, 2020

ACCESS TLC HOME HEALTH CARE

Shelly Chilton

shelley@AccessTLC.com

(805) 517-1620

Mga County na Pinaglingkuran: Los Angeles at Ventura

ARCHANGEL HOME HEALTH, INC. (AHHI)

Daniel Suh

cca-lo@archangelhomehealth.com

(562) 861-7047

Mga County na Pinaglingkuran: Los Angeles, Orange, Riverside at San Bernardino

CHOICE IN AGING (CIA)

Karen Stuckey

kstuckey@choiceinaging.org

(925) 682-6330

Mga County na Pinaglingkuran: Contra Costa, Sacramento at Solano

DAYLE MCINTOSH CENTER (DMC)

Bruce Morgan

bmorgan@daylemc.org

(714) 621-3300

Mga County na Pinaglingkuran: Orange

EAST BAY INNOVATIONS (EBI)

Serom Kim Sanftner

ssanftner@eastbayinnovations.org

(510) 618-1580

Mga County na Pinaglingkuran: Alameda

FREED CENTER FOR INDEPENDENT LIVING (FREED)

Valerie Sharp

valerie@freed.org

(530) 477-3333 / (530) 615-7327 / TTY (530) 477-8194

Mga County na Pinaglingkuran: Colusa, Nevada, Sierra, Sutter at Yuba

HOME AND HEALTH CARE MANAGEMENT (HHCM)

Shelly Estrada, Patnugot sa Pangangalaga sa Paglilipat

sestrada@homeandhealthcaremgmt.com

(530) 343-0727 / (800) 400-0727

Mga County na Pinaglingkuran: Butte, Colusa, Del Norte, El Dorado, Glenn, Humboldt, Lake, Lassen, Modoc, Nevada, Placer, Plumas, Sacramento, San Joaquin, Shasta, Sierra, Siskiyou, Solano, Sutter, Tehama, Trinity, Yolo at Yuba

INDEPENDENT LIVING CENTER OF KERN COUNTY (ILC-KC)

Jimmie Soto, Patnugot ng ILCKC

Jimmie@ilcofkerncounty.org

(661) 325-1063

Mga County na Pinaglingkuran: Kern

INDEPENDENT LIVING CENTER OF SOUTHERN CALIFORNIA, INC. (ILC-SC)

Norma Jean Vescovo

nvescovo@ilcsc.org

(818) 785-6934

Mga County na Pinaglingkuran: Los Angeles

INDEPENDENT LIVING RESOURCE CENTER, INC. (ILRC-SB)

Brian Hollander

bhollander@ilrc-trico.org

(805) 963-0595 x 112

Mga County na Pinaglingkuran: San Luis Obispo, Santa Barbara at Ventura

INNERJOY HOME HEALTH SERVICE (INNER JOY)

Craig Michayluk

craig@innerjoy.com

(805) 522-1420

Mga County na Pinaglingkuran: Los Angeles at Ventura

INSTITUTE ON AGING (IOA)

Matthew Mouille

mmouille@ioaging.org

(415) 750-8760

Mga County na Pinaglingkuran: San Francisco, San Mateo at Santa Clara

LASTING INCOME FOR ELDERLY INC. (LIFE)

Lilian Bruce

lilianbruce@lifereferral.org

(805) 377-0625

Mga County na Pinaglingkuran: Kern, Kings, Santa Barbara at Ventura

LIBERTANA HOME HEALTH OF SHERMAN OAKS (LHH)

Yanine Arias

yarias@libertana.com

(800) 750-1444

Mga County na Pinaglingkuran: Fresno, Imperial, Kern, Los Angeles, Orange, Riverside, San Bernardino, San Diego, San Luis Obispo, Santa Barbara at Ventura

PARTNERS IN CARE FOUNDATION (PARTNERS)

Jacqueline Ascenzi, Paunong Tagapag-ugnay sa Paglilipat ng MSW

jascenzi@picf.org

(818) 408-5250

Mga County na Pinaglingkuran: Los Angeles, Riverside at San Bernardino

SILICON VALLEY INDEPENDENT LIVING CENTER (SVILC)

Sheri Burns

Sherib@svilc.org

(408) 894-9041

Mga County na Pinaglingkuran: Santa Clara

THE CARING CONNECTION (TCC)

Deb Harvey

deb@thecaringconnection.com

(818) 368-5007 / (888) 595-4555

Mga County na Pinaglingkuran: Los Angeles, Orange at Ventura

VENTURA COUNTY AREA AGENCY ON AGING (VCAAA)

Haleh Hashemzadeh

Haleh.Hashemzadeh@ventura.org

(805) 477-7384

Mga County na Pinaglingkuran: Ventura

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami.

[\[Sagutan ang Survey\]](#)

Kumuha ng Tulong

Kung ikaw ay isang indibiduwal, miyembro ng pamilya, o tagapagtaguyod para sa isang taong may kapansanan at may mga tanong tungkol sa legal na mga karapatan kaugnay sa iyong kapansanan, tumawag sa:

1-800-776-5746

o tumawag sa TTY: 1-800-719-5798

Matatawagan Lunes-Biyerenes, 9 am - 4 pm

Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.